ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# PAMAMARAAN SA PAGTUTURO-PAGKATUTO SA FILIPINO SA HIGHER EDUCATION INSTITUTIONS

**Larry S. Macapugas[1], Victoria Y. Rojas, Ed.D.[2]**
[1]*Instructor, Samar State University – Paranas Campus*
[2]*Associate Professor, Leyte Normal University*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra24270
**DOI No: 10.36713/epra24270**

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito na pinamagatang* ***PAMAMARAAN SA PAGTUTURO-PAGKATUTO SA FILIPINO SA HIGHER EDUCATION INSTITUTIONS*** *ay naglalayong suriin ang epektibong mga pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino sa Higher Education Institutions (HEIs) batay sa pananaw ng mga mag-aaral. Ginamit ang kwalitatibong penomenolohiyang disenyo ng pananaliksik kung saan sinuri ang mga datos gamit ang Inductive Thematic Analysis (ITA). Natuklasan na ang mga guro sa HEIs ay gumagamit ng mga pamamaraang pabuod, pasaklaw, patuklas, patalakay, inquiry-based, at self-directed learning. May mga prosesong sinusunod ang mga guro para matagumpay na maisakatuparan ang mga napiling pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino. Ang mga mag-aaral ay kinikilala ang mga pamamaraang patuklas, pabuod, pasaklaw, at patalakay bilang epektibo, na nagbibigay-diin sa aktibong partisipasyon at pagpapalawak ng kaalaman. Sa pag-aaral na ito, nabuo ang mga pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino: Pamamaraang KOBID at MR. Q&A kung saan minumungkahi ang pag-aaral at paggamit ng mga nabuong pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino, kasama ang pagpapalawak ng kalidad ng pagtuturo sa HEIs sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-unlad ng mga pamamaraan sa pagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita sa kahalagahan ng patuloy na pagsusuri at pag-aaral sa mga pamamaraan sa pagtuturo upang mapanatili ang epektibong pagkatuto at pag-unlad ng mga mag-aaral sa Filipino sa Higher Education Institutions.*

**SUSING SALITA:** *Teaching-Learning Methods, Filipino, Higher Education Institutions, Inductive, Deductive*

## INTRODUKSYON

Sa kabila ng patuloy na pagbabago at pag-unlad sa larangan ng edukasyon, nanatiling pundamental at mahalaga ang konsepto ng pagtuturo-pagkatuto. Ang konsepto ng pagtuturo-pagkatuto ay hindi lamang isang simpleng proseso kundi isang malalim at makabuluhan na ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral. Ito ay hindi lamang isang simpleng transaksyon ng impormasyon mula sa guro patungo sa mag-aaral, kundi isang makabuluhan at dinamikong ugnayan na naglalayong magbigay-diin sa aktibong partisipasyon, pagpapaunlad ng kasanayan, at pagpapalawak ng kaalaman.

Sa pag-aaral ni Bautista (2018), upang maging epektibo ang pagkatuto ng Filipino sa Estados Unidos, mahalaga ang paggamit ng iba't ibang paraan ng pagtuturo katulad ng mga paraang talakayan, diskusyon, gawain sa grupo, at mga aktibidad na praktikal. Ayon pa rito, mahalaga rin ang paggamit ng tunay na materyales upang maging epektibo ang pagtuturo ng Filipino sa nasabing bansa. Malaking papel din ang ginagampanan ng tamang paggamit ng mga materyales tulad ng mga pahayagan, magasin, aklat, at mga website. Ayon pa rin sa resulta ng pag-aaral, mahalagang bagay na mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na praktisin ang pagsasalita ng Filipino. Maaaring gawin ito sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng role-playing, debate, at mga presentasyon. Sinang-ayunan naman ito ni Advincula (2019) sa kanyang pag-aaral hinggil sa pamamaraan ng pagtuturo ng wikang Filipino sa Japan. Natuklasan na kasama sa mga hamon ang kakulangan sa mga materyales at mapagkukunan nito, kakulangan sa suporta mula sa pamahalaan at mga institusyong pang-edukasyon, at kakulangan sa mga oportunidad para sa pangkaalamang kaunlaran.

Ang pamamaraan o metodolohiya sa pagtuturo ay *set* ng mga kasanayan at simulain na ginagamit ng guro sa isang proseso ng pagtuturo na epektibo at angkop sa kaniyang mag-aaral. Isa itong mahalagang bagay na dapat pag-isipan ng guro bago gamitin dahil dito nakasalalay ang tagumpay ng pagtuturo (Wiesen, 2023). Batay naman sa paliwanag nina Espique at Ayao-ao (2020), ang pamamaraan o metodo ay ang mga detalye na isinasagawa para sa ikatatamo ng mga layunin ng pag-aaral. Kilala na metodo sa pagtuturo ng wika ang pabuod at pasaklaw (induktibo at deduktibo) kung saan ang metodong pabuod ay nagsisimula sa halimbawa patungo sa paglalahad ng mga tuntunin; samantalang ang metodong pasaklaw ay nagsisimula sa paglalahad ng mga tuntunin tungo sa pagbibigay ng mga halimbawa (Villanueva, 2018).Bago paman dumating ang pandemya maramin ng tiyak na pamamaraan ang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo tulad ng *teacher-centered methods, learner-centered method, content-focused method* at *interactive/participative methods* (Qazi, 2023).

Samantala, ang pamaraang patalakay ay madaling ipatupad sa klase sapagkat ito ang karaniwang ginagamit kahit sa anong asignatura (Largo, 2021). Sumang-ayon dito ang pag-aaral ni Sajjad (2010) na karamihan sa mga mag-aaral sa HEIs ay pinipili

ang pamaraang patalakay sa kadahilanan na guro na ang nagbibigay ng lahat nang mahahalagang paksa. Lumabas naman sa pag-aaral ni Sanusi at Oyelere (2021), na ginagamit sa mga HEIs ang pamaraang *Inquiry-Based Learning, problem-based learning, project-based learning* at *collaborative learning*. Ang paggamit sa nsabing pamamaraan ay nagbibigay ng mas malalim at makabuluhang pagkatuto sa mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng edukasyon.

Ang mga nabanggit na pag-aaral ay nagbibigay ng mahahalagang kontribusyon sa isinagawang pananaliksik sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga pangunahing punto at sa mga natuklasan mula sa iba't ibang pag-aaral. Ito ay nagbibigay diin sa pangunahing mga pamamaraan at konsepto, tulad ng paggamit ng teknolohiya sa *distance learning* at *online education*, ang espesyal na mga pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino, at ang kahalagahan ng tradisyonal na mga pamamaraan tulad ng pabuod at pasaklaw at pamaraang patalakay. Binibigyang-diin din nito ang mga positibong epekto ng mga nabanggit na pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto sa Filipino. Sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga natuklasan mula sa iba't ibang pananaliksik, nagbibigay ito ng komprehensibong pang-unawa sa kasalukuyang kalagayan at mga *trend* sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino sa HEIs.

Ayon kay Esmaeili (2013), nahaharap ngayon ang mga institusyon ng *Higher Education* sa isang bagong henerasyon ng mga mag-aaral na mas mahirap na pakilusin gamit ang mga lumang pamamaraan tulad ng mahahabang talakayan o outdated na mahahabang gawain sa laboratoryo. Bilang resulta, ang proseso ng paglilipat ng kaalaman ay hindi epektibo at nakabibigat. Ilan sa mga palatandaan na napapansin sa pamamagitan ng silid-aralan na may lumang teknolohiya ay mas mataas na bilang ng mga absent; mababang interaksiyon sa pagitan ng guro at mga mag-aaral; napakakaunting interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral sa klase; at sa ibang pagkakataon, walang interaksyon sa pagitan ng iba't ibang seksyon ng parehong kurso na may parehong mga paksa. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na katanungan: (1) Ano-ano ang pamamaraan sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino ang ginagamit ng mga guro sa Higher Education Institutions? (2) Paano ginagamit ng mga guro ang pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino sa HEIs? (3) Anong pamamaraan sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino ang epektibo ayon sa perspektiba ng mga mag-aaral? (4) Ano ang mabubuong pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino sa HEIs batay sa naging resulta ng pag-aaral? Sa kasalukuyan, mayroong limitadong bilang ng mga pag-aaral ukol sa pamamaraan ng pagtuturo ng Filipino sa kasalukuyan sa mga Higher Education Institutions. Dahil dito, mayroong *research gap* na dapat tinugunan upang masuri ang kasalukuyang estado ng pagtuturo ng asignaturang Filipino sa kasalukuyan at makapaglunsad ng mga rekomendasyon para sa hinaharap. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, napunan ang *research gap* na ito at makatulong sa pag-unlad ng larangang ito ng edukasyon.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong penomenolohiyang disenyo ng pananaliksik. Ang kwalitatibong penomenolohiya ng pananaliksik ay napapaloob sa pag-aaral ng mga paniniwala, karanasan, at kaisipan ng mga kalahok. Ayon kay Creswell (2013), ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik ay isang paraan ng pag-aaral na nakatuon sa pag-unawa sa mga karanasan, pananaw at kaisipan ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, nalaman ang mga detalye at konteksto ng pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino sa mga institusyong pang-edukasyon. Nasuri ang mga benepisyo at limitasyon nito, ang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral, at ang mga hakbang na ginagawa ng mga guro upang mapalawak ang paggamit nito. Malaking tulong din ito sa pag-unawa sa mga pagbabago at adaptasyon ng mga guro at mag-aaral sa bagong normalidad ng pagtuturo sa kasalukuyan. Makatutulong din ito upang makapagsagawa ng pagsusuri sa mga karanasan at perspektiba ng mga guro sa mga Higher Education Institution ng Catbalogan City, Western Samar.

### Lokal ng Pag-aaral

Ang lokal ng pag-aaral ay ang Higher Education Institutions (HEIs) sa Catbalogan, Western Samar. Ang mga HEIs na ito ay kinabibilangan ng mga pampubliko at pribadong institusyon na nagbibigay ng mga programang pangkolehiyo at unibersidad.

Sa pamamagitan ng pagpili ng mga HEIs sa Catbalogan, Western Samar bilang lokal ng pag-aaral, nagbigay ito ng pambansang konteksto sa pananaliksik. Ang pagsusuri sa mga karanasan at pananaw ng mga guro at mag-aaral sa Filipino sa mga institusyon na ito ay nagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga isyu at hamon na kinakaharap sa edukasyon.

### Paraan ng Pagsusuri ng Datos

Tinignan ng mananaliksik ang mga datos na nakalap mula sa mga panayam upang makita kung paano lumilitaw ang mga tema. Nakatulong ito sa mananaliksik na maunawaan ang mahahalagang aspeto ng pagtuturo sa sa kasalukuyan, maging ang paraan sa pagpapatupad ng mga pamamaraang ito. Ang uri ng thematic analysis na ginamit ay ang *Inductive Thematic Analysis (ITA)* nina Braun at Clarke, (2006). Ito ay isang pangunahing paraan ng pagsusuri ng kwalitatibong datos na walang inaasahang tema o estruktura na nakalatag bago ang pag-aaral. Sa pamamaraang ito, ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng malalim at sistematikong pagsusuri ng mga datos upang matukoy ang mga temang umuusbong mula sa mga natuklasan. Ang *Inductive Thematic Analysis* (ITA) ay nagbigay-daan sa mananaliksik na buksan ang isipan at maging bukas sa mga posibleng temang makikita sa mga datos na nakuha mula sa mga kalahok. Hindi isinasakripisyo ang orihinal na konsepto o ideya na maaaring maging kritikal sa pag-unawa sa mga datos. Sa halip, binigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na magsalita at maipahayag ang kanilang mga pananaw at karanasan nang bukas at malaya.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang *Inductive Thematic Analysis* (ITA) ay mayroong mga hakbang sa pagproseso ng mga datos. Una, ang mga datos ay binabasa at sinasala upang makahanap ng mga ideya, konsepto, at tema sa mga teksto. Pangalawa, ang mga ideya, konsepto, at tema ay i-organisa sa mga kategorya. Pangatlo, ang mga kategorya ay i-interpret at ilalahad upang malaman ang kahulugan ng mga karanasan at perspektiba ng mga kalahok. Samaktwid, sa ITA, mahalagang magkaroon ng *consistency* sa pagproseso ng mga datos. Dapat din tiyakin na wasto at replektibo ng mga karanasan at perspektiba ng mga kalahok ang mga natuklasan. Kailangan ding mayroong malawak na kaalaman sa kultura at konteksto ng mga kalahok upang maunawaan ang mga datos. Ang *Inductive Thematic Analysis* (ITA) ay naglalayong maunawaan ang mga kahulugan at pananaw ng mga tao kaugnay ng kanilang sariling mga kalagayan. Sa pamamagitan ng pag-aalis ng pag-asa sa mga natatanging konsepto, nag-aalok ito ng pundasyon para sa mas malalim na pag-unawa sa kanilang mga karanasan at salita. Upang makapaghatid ng mas tumpak na mga pagbabasa, itinataguyod ng ITA ang interpretasyon ng mga salita at karanasan. Ang pagproseso ng datos ay nangailangan nang maayos na pamamaraan sa pagsusuri at interpretasyon ng teksto, gayundin ang paghahambing, interpretasyon, at pagsusuri ng mga ideya, konsepto, at paksa. Nagbigay ito sa mananaliksik ng konteksto at pananaw sa mga datos na nakalap, na nagpabuti sa pag-unawa sa kahalagahan ng pag-unawa sa mga kahulugan at pananaw ng mga teksto.

## ETHICAL CONSIDERATIONS

Ang pagsunod sa mga tuntunin sa etikal na pananaliksik ay isang mahalagang aspeto ng pagsasagawa ng anumang pag-aaral. Ito ay nagtitiyak na ang mga kalahok ay mapanatili ang kanilang dignidad, karapatan, at kaligtasan habang sumasali sa pananaliksik. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga panuntunan tulad ng pagkuha ng pahintulot, pagtrato ng patas, at pagiging responsable sa paggamit ng mga kolektadong datos, naipakita ng mananaliksik ang kanilang paggalang at pag-aalaga sa mga kalahok.

Sa pagkuha ng pahintulot, mahalaga na naipaliwanag nang maayos sa mga kalahok ang layunin ng pananaliksik, ang kanilang papel bilang mga kalahok, at ang mga potensyal na bentahe at panganib ng kanilang pakikilahok. Binigyan rin sila ng pagkakataon na magtanong at magpahayag ng kanilang mga alalahanin bago sila pumayag na sumali. Sa pagtrato ng patas, mahalaga na ang bawat kalahok ay trinato ng may respeto at paggalang, anuman ang kanilang katayuan o opinyon. Tiniyak din ng mananaliksik na walang pagkakaroon ng diskriminasyon o paboritismo sa pagtrato sa mga kalahok.

Sa paggamit ng kolektadong datos, ito ay ginamit lamang para sa layunin ng pag-aaral at hindi ito ipamahagi o ipinakita sa iba maliban sa mga taong may kaukulang pahintulot o awtorisasyon. Dapat ding tiyakin na ang mga datos ay iingatan at hindi gagamitin sa anumang paraan na maaaring makapahamak o makaapekto sa mga kalahok.

**Resulta at Pagtalakay**

**1. Mga Pamamaraan sa Pagtuturo-Pagkatuto sa Filipino na Ginagamit ng mga Guro sa Higher Education Institutions**

Sa kasalukuyang panahon, isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang mga pamamaraang ginagamit sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Layunin nitong masuri at bigyang-diin ang mga paraan sa pagtuturo ng Filipino sa kasalukuyang panahon. Mula rito, natukoy ang sumusunod na mga pamamaraan:

**1.1. Pabuod, Pasaklaw, at Patuklas**

Ang Pamamaraang Pabuod, Pasaklaw, at Patuklas ay pinakakilala bilang tradisyonal na pamamaraan sa pagtuturo. Ang mga pamamaraan ito ay palasak na ginagamit ng mga guro sa Higher Education Institutions (HEIs) ng Catbalogan City sa pagtuturo ng Filipino sa panahon ng pandemya at maging sa kasalukuyan. Tugon ni I1:

> *"sir marami po akong ginagamit na pamamaraan, pero iyong pinaka palasak at lagi ko pong ginagamit ay tatlo lamang po, iyon po ang pabuod o inductive method at saka iyong pasaklaw o deductive method at iyong pinakahuli ay patuklas or discovery method."*

Sa pabuod o inductive method, ang guro ay nagbibigay ng mga halimbawa o karanasan sa mga mag-aaral upang sila mismo ay makabuo ng pangkalahatang ideya o konsepto. Sa pasaklaw o deductive method naman, nagsisimula ang guro sa pangkalahatang pahayag o teorya, at saka nagbibigay ng konkretong halimbawa upang patunayan ito. Sa pinakahuli, ang patuklas o discovery method, hinahayaan ng guro ang mga mag-aaral na magtuklas at mag-unawa ng mga bagay sa kanilang sarili sa pamamagitan ng mga gawain o eksperimento.

Ginagamit din ni I2, I3, I4 ang nasabing pamamaraan, ayon kay I2, ginagamit niya ang pamamraang ito sa pagtuturo ng wika at panitikan:

> *"Ilan sa mga pamamaraang ginagamit ko sa panahon ng pandemya ay tulad ng Pamaraang pabuod kung saan naglalayong itong magtalakay mula sa mga halimbawa patungo sa paglalahat, ginagamit ko ito lagi sa mga uhmm sa pagtuturo ng ahh wika, ginagamit ko rin ang pamaraang pasaklaw ... uhmm gamit ko rin ito sa pagtuturo ng wika at panitikan."*

Ang Pamamaraang Pabuod, kung saan naglalayon itong magtalakay mula sa mga konkretong halimbawa patungo sa pangkalahatang pahayag o konsepto. Ito ay madalas mong ginagamit sa pagtuturo ng wika, kung saan ang mga mag-aaral ay inaasahang bumuo ng pang-unawa sa isang paksang wika o panitikan batay sa mga konkretong halimbawa o karanasan.

Bukod dito, ang Pamamaraang Pasaklaw, kung saan nagsisimula ka sa pangkalahatang pahayag o teorya at saka mo binibigyan ng konkretong halimbawa o aplikasyon upang patunayan ito. Ito rin ay isang epektibong paraan ng pagtuturo, lalo na sa pagtuturo ng wika at panitikan, kung saan ang mga mag-aaral ay hinahamon na

maunawaan at suriin ang mga batayan o prinsipyo sa likod ng mga konkretong halimbawa.

Ang pamamaraan pabuod, pasaklaw at patuklas ay naging mabisang pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino ayon sa mga guro ng HEIs dahil sa proseso nito ng pagtuturo. Maliban sa batid na ng mga guro ang hakbang kung paano gagamitin ng mga pamamaraan, mas nagiging madali rin ito para sa mga mag-aaral na maunawaan ang tinatalakay dahil sa kaangkupan nito sa kakayahan ng mag-aaral.

Ayon kay Villanueva (2018), kilala na metodo sa pagtuturo ng wika ang pabuod at pasaklaw (induktibo at deduktibo) kung saan ang metodong pabuod ay nagsisimula sa halimbawa patungo sa paglalahad ng mga tuntunin; samantalang ang metodong pasaklaw ay nagsisimula sa paglalahad ng mga tuntunin tungo sa pagbibigay ng mga halimbawa.

Ang mga pamamaraang ito ayon kina Jones, et.al. (2008) ay mayroong adbentahe, una rito ay pagbibigay ng maayos na pagtuturo, pumupukaw sa interest, nagpapalalim ng memorya, nanghihikayat na gumawa ng mga gawain, at pag-uugnay ng bagong paksa sa naunang kaalaman.

**1.2. Patalakay**

Ang patalakay ang isa sa ginagamit ni I5 sa pagtuturo ng Filipino. Pinaniniwalaan ng mga guro sa HEIs ng Catbalogan na ang pamamaraang ito ay mabisa sapagkat malaya ang mga mag-aaral at guro na makapaglitan ng kuro-kuro. Tugon ni I5:

> *"Samantala sa patalakay naman, Bilang isang guro na nagtuturo ng wika at panitikan, maituturing kong epektibong pamamaraan ang lecture method lalo na sa pagpapalitan ng mga ideya at pagkatuto ng bawat isang mag-aaral."*

Ang lecture method ay isang tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo kung saan ang guro ang pangunahing tagapaghatid ng impormasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang pormal na presentasyon sa harap ng klase. Sa paraang ito, ang guro ang nagdidikta ng mga konsepto, impormasyon, at karanasan sa mga mag-aaral.

Isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit ito ang karaniwang pamamaraan sa pagtuturo ng mga guro sa HEIs ay ang kahusayan nito sa pagpapalitan ng mga ideya at pagpapalawak ng kaalaman. Sa pamamagitan ng pagtatalakay, binibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataon na magbahagi ng kanilang mga opinyon, karanasan, at pananaw sa isang paksa. Sa ganitong paraan, hindi lamang sila nakikinig sa guro kundi aktibong nakikilahok sa proseso ng pag-aaral.

Lumalabas sa pag-aaral nina Valeroso at Largo (2021), ang pamamaraang patalakay ay madaling ipatupad saklase sapagkat ito ang karaniwang pamamaraan na ginagamit kahit sa iba pang mga asignatura. Ang pamamaraang patalakay ay isa sa pinakatanyag na pamamaraan sa pagtuturo.

Pinatunayan din ito sa pag-aaral ni Sajjad (2010) na karamihan sa mga mag-aaral sa HEIs ay pinipili ang pamaraang patalakay sa kadahilanan na ang guro na ang nagbibigay ng lahat nang mahahalagang paksa, hindi rin ito gumugugol ng mahabang oras at higit sa lahat nakikinig ang mga mag-aaral.

Ang pamamaraang patalakay ay talagang isa sa mga pangunahing pamamaraan sa pagtuturo na madalas gamitin hindi lamang sa wika at panitikan kundi maging sa iba't ibang asignatura. Ang pagtatalakay ay isang mahusay na paraan upang mapalawak ang kaalaman at unawain ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at pagsasaliksik sa mga konsepto at ideya.

**1.3. Inquiry-Based Learning at Self-Directed Method**

Ang *Inquiry-based learning* at *self-directed method* ay dalawang pamamaraan sa pagtuturo na nagbibigay-diin sa pagiging aktibo at malikhain ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Ayon sa tugon ni I3, binibigyan niya ng pagkatataon ang mga mag-aaral na magsaliksik sa paksang tinalakay sapagkat ito ay tumutugon sa kakayahan ng isang 21$^{ST}$ siglo.

"kailangan magsagawa pa rin sila ng mga karagdagang pag-aaral na sila mismo ang magsasagawa upang mapalawak pa ang kanilang kaalaman sa piling mga konseptong itinuturo sa loob ng klase."

Ang *Inquiry-based learning* ay isang pamamaraan kung saan ang mga mag-aaral ay hinahamon na magsagawa ng sariling pagsisiyasat, pagtuklas, at pagsusuri sa mga konsepto at isyu. Sa pamamagitan ng mga tanong, gawain, at proyekto, ang mga mag-aaral ay inaasahang magsagawa ng kanilang sariling pagtuklas at pagsusuri sa mga bagay na kanilang pinag-aaralan. Ito ay nagpapalakas ng kanilang kritikal na pag-iisip, kakayahan sa pagsasaliksik, at pagiging malikhain.

Dagdag pa ni I3 na ang pagtuturo na nagbibigay-diin sa *self-directed learning* ay naglalayong bigyang kapangyarihan ang mga mag-aaral na pamunuan ang kanilang sariling pag-aaral. Sa ganitong paraan, hinahayaan natin ang mga mag-aaral na magtuklas, magpasya, at mamuno sa kanilang sariling proseso ng pag-aaral.

> *"naging tuon ang pagtuturo hinahayaan natin ang mga mag-aaral na basahin ito, kung baga ito ay, self-directed Learning na, sa kanilng sarili kung paano sila matututo sa mga aralin"*

Lulamalabas sa pag-aaral na ito na malaking tulong ang inquiry-based learning at self-directed learning sa pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat sa tulong sa pamamaraan na ito, nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aarl na pangunahan ang kanilang pagkatuto batay sa kanilang sariling kakayahan.

Lumalabas sa pag-aaral nina Sanusi at Oyelere (2021), ilan sa mga pamamaraang tulad ng *inquiry-based learning, problem-based learning, project-based learning*, at *collaborative learning* na ginagamit sa mga HEIs. Ang paggamit sa nasabing

pamamaraan ay nagbibigay ng mas malalim at makabuluhang pagkatuto sa mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng edukasyon. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga praktikal at aktibo na pamamaraan, hinahasa nito ang mga mag-aaral na maging mas epektibo at may-kakayahang mangasiwa sa kanilang sariling pag-aaral, na nagreresulta sa mas masigasig na pagtuturo at pagkatuto.

Samantala ayon kay *Self-directed learning* sa pagpapahusay ng kasanayan sa pamamagitan ng personal na pagtukoy sa mga pangangailangan sa pag-aaral, pagtatakda ng mga layunin, at pagpili ng mga estratehiya sa pag-aaral na naaangkop sa indibidwal na estilo at pangangailangan. Sa pamamagitan ng *self-directed learning*, nakakamit ng tao ang pagpapalawak ng kaalaman at pag-unlad sa mga larangan na kanilang pinahahalagahan

2. **Hakbang sa Pagpapatupad ng mga Pamamaraan: Paghahanda Hanggang Pagtataya**

Sa pagpapatupad ng mga pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino mula sa paghahanda hanggang sa pagtataya, mahalaga ang maayos na pagpaplano, paghahanda ng kinakailangang kagamitan, kasangkapan at pagpapatupad ng aktuwal na gawain, pagsusuri ng mga resulta, at ang pagtataya ng kabuuang epekto at tagumpay ng pagkatuto ng mag-aaral. Sa pamamagitan ng maingat na pagtupad sa mga hakbang na ito, maaaring matiyak ang epektibong implementasyon at tagumpay ng anumang gawain sa pagtuturo-pagkatuto.

**2.1 Pagtukoy sa Paksa at Layunin**

Mahalaga sa pagtuturo ang layunin at paksa dahil ito ang pinakaunang unang hakbang na kailangan matukoy ng isang guro sa isang tiyak na pagtalakay. Ito ang magbibigay ng direksyon sa mga guro at mag-aaral kung ano ang inaasahang awtput sa kanilang pagkatuto.

Mahalaga na mabigyang-pansin ang pagpili ng angkop na layunin sa bawat paksa para sa pagtuturo-pagkatuto. Batay sa tugon ni I2:

> *"Sa pagtuturo ay naayon sa paksa, layunin at kakayahan ng mga mag-aaral. Pangalwa i-angkop ang mga pamaraang gagamitin sa paksa at layunin ng pagtuturo, tiyakin din na nasusunod ang mga alituntunin o pamnatayan sa paggamit at pagsasakatuparan ng mga pamaraang gagamitin."*

Ang pagpili ng paksa na may relasyon sa kanilang pang-araw-araw na buhay o personal na interes ay nagbibigay ng mas mataas na antas ng kagiliw-giliw at kahulugan sa kanilang pag-aaral. Kasama sa pagpili ng paksa ang pagtatakda ng layunin ng pag-aaral. Ang layuning ito ay dapat naglalayong magbigay daan sa malalim na pang-unawa, pagpapaunlad ng kasanayan, o pagsusulong ng kritikal na pag-iisip ng isang mag-aaral.

Ang pagtutok sa mga layunin sa pag-aaral ay mahalaga upang matukoy kung ano ang dapat matutuhan ng mga mag-aaral sa bawat yugto ng kanilang pag-aaral. Gayundin, ang pagsusuri ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagtuturo at pag-aaral, na tumutulong sa pagtatasa ng pag-unlad at pagkatuto ng mga mag-aaral (Sewagegn, 2020).

Dagdag ni I4 kailangan unahing tukuyin ang layunin sa pagkatuto na tutugon sa paksa at sa kasanayan ng mag-aaral. Ayon dito:

> *"Una-una dapat tukuyin natin ang mga layunin sa pagkatuto, ahh uhm dapat iayon ito sa paksang ituturo at sa kasanayang hinihingi ng pagkatuto."*

Samakatuwid, sa lahat ng proseso ng pagtuturo ang paglatag ng layunin ang siya dapat unahin sa paghahanda ng pagtuturo. Ang paglalatag ng layunin ay nagtutulong din sa pagpaplano ng mga gawain, pagpili ng mga tamang materyales at estratehiya, at pagsukat ng pag-unlad ng mga mag-aaral. Ito rin ang magbibigay ng focus at coherence sa buong pagtuturo, dahil nagtatakda ito ng mga pangunahing puntos na dapat pagtuunan ng pansin sa pag-aaral.

Ayon kay Bajtos (2021), ang mga layunin ng pagtuturo ang siyang nagtatakda ng pagpili ng kurikulum, ng mga pinakaangkop na paraan ng pagtuturo, at ng mga organisadong anyo ng pagtuturo, pati na rin ang paggamit ng mga materyal na sangkap sa proseso ng pagtuturo. Bukod dito, ang pagsusuri sa pagkatuto ng mga mag-aaral, sa mga guro, at ang pagsusuri sa mga paaralan ay pangunahing naglalayon sa pagtukoy ng antas ng pag-abot ng mga itinakdang layunin.

**2.2 Pagbuo ng Modyul/Kagamitang Panturo**

Mahalagang kasangkapan sa makabagong pamaraan ng pagtuturo ang pagbuo ng modyul. Malaking tulong ang kagamitang pampagtuturo upang mapadali ang gawain ng pagtuturo - pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kay I3:

> *"Unang-una sa modyular, ano, ang mga pamamaraan kailangan, halimbawa kapag nagsasagawa tayo ng asynchronous kailangan natin ang panahon upang bigyan sila ng panuto, kung paano nila isasagawa ang mga bagay na naroon sa module."*

Binibigyan linaw rito, na kailangan maging tiyak sa mga panuto naibibigay sa mga mag-aaral. Ang nilalaman ng module ay kailangan malinaw ang mga babasahin, mga gawain na dapat isagawa ng mga mag-aaral upang mas maintindihan ng mga mag-aaral ang mga particular na mga aralin na ibibigay sa kanila ng mga guro.

Sa pag-aaral ni Uriarte (2019), higit na nakatutulong ang pagbuo ng modyul upang mapagaan ang pagtuturo-pagkatuto ng mag-aaral. Malaking tulong din ang paglalapat ng makabagong teknolohiya sa modyul sap ag-unlad ng kaalaman ng mga mag-aaral.

Ang pagiging malikhain sa paggamit ng kagamitang panturo ay isang mahusay na paraan upang mapalawak ang interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Ayon kay M1 ng I1:

> *"Isa sa magiging mungkahi naming ay ang pagiging malikhain sa mga kagamitang panturo upang maaliw ang mga mag-aaral at mapukaw ang interest."*

Ang pagiging malikhain sa mga kagamitang panturo ay maaaring maglunsad ng kakaibang karanasan sa pag-aaral, na nagbibigay daan sa mas matinding kawilihan at pagmamalasakit ng mga mag-aaral sa kanilang mga aralin. Bukod dito, ito rin ay nagpapalawak ng kanilang pang-unawa at pag-unlad sa iba't ibang larangan.

Ayon ksy Sandoval (2009), na sa larangan ng pagtuturo ay hindi maitatatwa ang tulong na idinudulot ng teknolohiyang sa mga guro, hindi lamang ng syensya kundi maging guro ng wika at panitikan. Dahil dito, minumungkahi ni I5 na gumamit ng multimedia at iba pang teknolohiya sa pagtuturo.

> *"Dapat din na mayroon tayong pagpapahalaga sa multimediang pagtuturo dahil ito ay ay makakatulong sa pagpapalawak ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto ng wika at kultura subalit kailangan lamang ang suporta ng pamunuan sa mga kagamitang kinakailangan upang matamo ang gawaing ito. Imumungkahi ko rin ang pagpapahalaga sa pagbasa at pagsulat, paggamit ng teknolohiya at higit sa lahat ang paggamit ng kasangkapang edukasyonal."*

Ang mungkahing ito ay makabuluhan at tumutok sa mga mahahalagang aspeto ng pagpapalawak ng pagtuturo. Ang pagpapahalaga sa multimediang pagtuturo ay isang kritikal na hakbang sa pagpapalawak ng pang-unawa ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga multimedia presentations, video clips, at iba pang kagamitang pang-multimedia, nagiging mas interaktibo ang pag-aaral ng mga mag-aaral.
Sinang-ayunan naman ito sa tugon ni M4 ng I3na:

> *"Pangalawa, ang paggamit ng teknolohiya na kung saan magagamit sa talakayan ang mga multimedia presentation ay isa sa mga dahilan upang higit na matuto ang isang mag-aaral."*

Kaya ayon kay Basiloy (2019) mahalaga na sa bagong henerasyon dapat isaalang-alang ng mga guro ang pagkatuto sa paggamit ng iba't ibang multimedia at iba pang teknolohiya. Inrerekomenda na dapat ang mga guro ay patuloy na dumalo sa mga seminar-workshap, maging bukas sa pagbabago ng pagtuturo, at bigyan-pansin ang mga bagong inobasyon na kagamitan sa pagtuturo.

**2.3 Pagsasakatuparan sa Proseso ng Pagtuturo**

Ang pagsasakatuparan sa proseso ng pagtuturo ay isang mahalagang aspeto sa pagpapalaganap ng kaalaman at kasanayan sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng maayos na pagpaplano, paghahanda, at pagsasagawa ng mga aktibidad sa pagtuturo, ang guro ay nagbibigay ng mahalagang oportunidad sa mga mag-aaral na maunawaan at maisapuso ang mga kaisipan at konsepto sa iba't ibang larangan. Ayon kay I2:

> *"Dapat matukoy ko kung ano ang target ng guro para sa paksang napili, sunod ay pagsasakatuparan sa proseso alinsunod sa pamaraang gagamitin."*

Pagkatapos na matukoy ang mga layunin ay binibigyan pansin ng mga guro ang proseso ng pagtuturo. Kung saan kabilang sa binibigyan pansin ang mga angkop na estratehiya na gagamitin batay sa layunin.

Ang pagkakaroon ng isang angkop na estratehiya ay nagdudulot ng isang mabisang pagtuturo. Ito ay nagbibigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na makilahok nagreresulta sa mas malalim na pang-unawa at pagpapaunlad ng bawat mag-aaral sa kanilang mga kasanayan at kaalaman. Ito ay saad ni M4 ng I1:

> *"Para sa akin, ang mamumungkahi ko para mapabutiaa pa ang pagtuturo ng Filipino ay magkaroon sila ng estratehiya na maiingganyo ang mga mag-aaral at mapalawak ang kanilang pagtuturo sa Filipino."*

Ang pagkakaroon ng isang estratehiya na nakakaengganyo at nakapalalawak sa pagtuturo ng Filipino ay maaaring magdulot ng positibong epekto sa mga mag-aaral at sa pagpapalaganap ng pagmamahal at pagpapahalaga sa paksamg tinatalakay.

Ayon sa pag-aaral ni Pajarillo (2019), nagiging epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral kung lalapatan ng angkop na estratehiya. ang pagiging epektibo ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay lubos na nakasalalay sa paggamit ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo. Ang mga guro na gumagamit ng mga estratehiyang naaangkop sa mga pangangailangan at katangian ng kanilang mga mag-aaral ay nagbibigay ng mas malalim at mas makabuluhang karanasan sa pag-aaral.

Sa pag-iisip ng angkop na estratehiya iminumungkahi naman ni I5 ang pag-iisip ng mga gawain na magiging aktibo sa pakikilahok ang mga mag-aaral.

> *"Mahalaga ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa pagtuturo. Maaaring gamitin ang group activities, role-playing, at discussions para pataasin ang kanilang kumpyansa sa pagsasalita at pagsulat ng wika…."*

Ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa pagtuturo ay isang mahalagang elemento sa kanilang pagkatuto. Sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang uri ng aktibidad tulad ng group activities, role-playing, at discussions, nagiging mas aktibo at engaged ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Ito ay nagtutulak sa mga mag-aaral na maging mas kumpyansa at mahusay sa paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon, pati na rin ang pagpapalawak ng kanilang pang-unawa at kasanayan sa pakikipagtalastasan.

**2.4 Pagsasagawa ng Pagtataya**

Ang huling bahagi ng proseso sa pagtuturo-pagkatuto ay ang pagtataya. Dito susukatin ang kabuuang kaalaman ng mag-aaral. Maari itong gawing pasulat o presentasyon dependi sa kung ano ang layunin.

May iba't ibang paraan ng pagtataya depende sa layunin ng guro at uri ng kaalaman na nais sukatin. Halimbawa, maaaring gamitin ang pasulat na pagsusulit para sa pagsukat ng kasanayan sa pag-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

unawa ng konsepto, pagsusulat ng sanaysay para sa pagpapakita ng kasanayan sa pagsusulat, o maging ang pagsasagawa ng presentasyon para sa pagsusuri ng kasanayan sa pagsasalita at pagpapahayag ng ideya.

Ang pagpili ng tamang paraan ng pagtataya ay mahalaga upang maging epektibo ito. Dapat itong makatugon sa layunin ng pag-aaral at magbigay ng mga impormasyon na makakatulong sa guro at mag-aaral na malaman kung gaano sila kahusay sa nasabing paksa.

Ang resulta ng pagtataya ay naging batayan din ng mga guro at mag-aaral para sa masabing naging epektibo ang pagtuturo ng Filipino. Ayon kay I1:

> *"Pamantayan, siguro sir iyong resulta siguro ng pagsususlit kung mataas ang mga nagiging marka ng mga mag-aaral, ay isinasaalang-alang po naging epektibo ang paraan ng pagtuturong ginawa ko. Pero kung ah masyadong maliliit ang marka na nakuha, doon ako nagkakaroon ng maaaring pagbabago sa king pamamaraan or inuulit ko ang pagtuturong ginaginawa."*

Ito rin ang naging pahayag ni I3:

> *"Marami namang mga iba't ibang mga pamantayan unang-una, lagi tayong bumabalik doon sa pinaka-pangunahing pamantayan na ating isinasagawa sa ating mga klase katulad ng mga pagbibigay ng mga pagsusulit"*

Ang mga resulta ng pagsusulit ay mahalagang tagapagbigay ng impormasyon sa mga guro tungkol sa kasalukuyang antas ng pag-unlad ng kanilang mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsusuring ito, maaari nilang malaman kung aling mga konsepto at kasanayan ang maaaring naiintindihan na ng mga mag-aaral at kung alin ang mga kasanayan ang kailangan pa ng dagdag na pagtutok at pagsasanay.

Ang mga guro ay maaaring gamitin ang pagsusuri upang malaman kung saan naroroon ang mga mag-aaral sa kasalukuyang pagkatuto upang makapag-adjust ng kanilang pagtuturo at maitaguyod ang mga ito patungo sa susunod na antas ng pag-aaral (Stiggins & Chappuis, 2008). Sa pamamagitan ng pagsusuring ito, maaaring makita ng mga guro kung aling mga konsepto o kasanayan ang nauunawaan na ng mga mag-aaral at alin ang kailangan pang pagtuunan ng pansin.

Bukod dito, ang mga resulta ng pagsusulit ay maaaring maging gabay sa pagbuo ng mga individualized na plano sa pag-aaral para sa bawat mag-aaral, na naglalayong makamit ang kanilang mga layunin sa pagkatuto. Sa pangkalahatan, ang mga resulta ng pagsusulit ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagtuturo na naglalayong mapabuti ang pag-unlad at tagumpay ng bawat mag-aaral.

## 3. Epektibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Filipino Batay sa Perspektiba ng Mag-aaral

Mahalagang suriin ang mga pananaw ng mga mag-aaral sa Filipino upang maunawaan at bigyang halaga ang mga diskarte ng mga guro. Maaaring masuri ng mga mag-aaral kung paano naapektuhan ng kanilang pagtuturo ang kanilang pag-unawa at pagpapahalaga sa Filipino sa pamamagitan ng pagtingin sa kanilang mga saloobin, tugon, at karanasan. Posibleng matukoy ang mga interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paghahambing ng kanilang mga pananaw sa mga kumbensiyonal at kasalukuyang mga diskarte sa pagtuturo.

### 3.1. Pabuod

Pinatutunayan ng mga mag-aaral nina I1, I2, I3, at I5 na ang pamamaraang pabuod ay epektibong pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino ng kanilang guro batay sa perspektiba ng mag-aaral. Ayon kay M1 ng I1:

> *"Para po sa akin, ang maituturing na epektibo na itinuring na epektibo na ginamit ng aking guro sa panahon ng pandemya at sa kasalukuyan ay pabuod na kung saan, nakita ko ang guro na sa pamamagitan nito ay nakita ko ang kanilang paghahanda sa kanilang pagtuturo at nakita ko rin kung ano ang kanilang paraan at paggamit ng mga panturo na gawain o gamit at doon nakita ko rin paano sila naglahad ng kanilang itinuturo."*

Nakita ni M1 na sa pamamagitan ng pabuod, nakikita niya ang paghahanda ng guro sa kanilang pagtuturo at ang kanilang paraan ng paghahatid ng mga aralin. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga konkretong halimbawa at karanasan, pinapakita ng guro kung paano nagpapakita ng kaalaman at kasanayan ang guro sa paksa. Ang ganitong paraan ng pagtuturo ay nagpapadali ng pag-unawa at pagtanggap ng mga mag-aaral sa kanilang mga aralin.

Pinatutunayan ito sa pag-aaral ni Jones, et.al. (2018) na malaking tulong ang pamaraang pabuod dahil nagbibigay ito ng mas maayos na pagtuturo, kumukuha ng atensyon ng mga mag-aaral.

Lumilitaw sa pag-aaral na ito ang aplikasyon sa natutuhan ng mag-aaral ay mabisang sinyales na naging epektibo ang pamamaraan na ginagamit ng guro sa pagtuturo ng Filipino. Sa tugon ni M5 ng I2:

> *"Masasabi natin na naging epektibo ang pamamaraan ng pagtuturo kung ang mga mag-aaral ay nakikitaan ng pag pagbabago habang tumatagal. Mas nangingibabaw ang mga kaalaman na kanilang natututunan at nadadala ito sa kanilang pang araw-araw na buhay."*

Sa pag-aaral na ito, ang paglitaw ng aplikasyon ng mga natutuhan ng mga mag-aaral ay isang mabisang sinyales na naging epektibo ang pamamaraan na ginagamit ng guro sa pagtuturo ng Filipino. Kapag nakikita na ang mag-aaral ay hindi lamang nakatatanggap ng kaalaman at kasanayan sa Filipino, kundi nagagamit din ito sa kanilang pang-araw-araw na buhay at gawain, ito ay nagpapakita na ang mga itinuro ay may malaking epekto at kabuluhan sa kanila.

Ang paggamit ng mga natutuhan sa mga konsepto ng Filipino sa kanilang mga gawain ay nagpapatunay na ang pagtuturo ng guro ay naging epektibo at may positibong impluwensya sa kanilang mga mag-aaral. Ang ganitong uri ng aplikasyon ay nagpapakita ng kahalagahan at tagumpay ng mga pamamaraang ginagamit ng guro sa pagtuturo ng Filipino.

Sa pag-aaral nina El Abed, et.al. (2024) lumalabas na malakas ang ugnayan sa pagitan ng pagpapanatili ng kaalaman at ang kakayahan na gamitin ito sa ibang aspeto, at nagpapakita ng kahalagahan ng pagpapanatili ng kasanayan para sa pinakamataas na kahusayan sa paggamit ng kaalaman sa tunay na mundo. Ang pagpapanatili ng kaalaman ay nagpapahintulot sa isang indibidwal na hindi lamang maunawaan ang mga konsepto at impormasyon, kundi magamit ito sa iba't ibang konteksto at sitwasyon.

**3.2. Patuklas**

Pinagtibay naman ng mga kalahok na Mag-aaral nina I1, I2, I3, at I5 na ang patuklas ay isang epektibong pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino. Ayon kay M2 ng I1:

> *"Ang patuklas na pamamaraan dahil isinasaalang niya ang kakayahan ng kaniyang mag-aaral. Syempre kapag isinasaalang mo 'yong mga kakayahan nila [mag-aaral] doon mo makikita kung saan ka magsisimula kung anong strategy ang gagawin mo, kung anong pamamaraan o strategy ang gagawin mo at para makuha mo din ang kiliti ng mga mag-aaral."*

Isinasaad ni M2 na ang patuklas na pamamaraan ay isang epektibong paraan ng pagtuturo dahil ito ay nagbibigay-tuon sa kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, naa-assess ng guro ang kakayahan ng kaniyang mga mag-aaral at mula rito, natutukoy kung saan magsisimula at kung ano ang mga estratehiyang gagamitin. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga kakayahan ng mga mag-aaral, nagiging mas madali para sa guro na makahanap ng mga paraan upang makakuha ng kanilang atensyon at interes sa pag-aaral.

Dagdag pa ni M2 ng I2, ang pamaraang ito ang tumugon sa pangangailangan ng mag-aaral lalo na sa panahon ng pandemya:

> *"Ang patuklas na pamamaraan ay naging epektibo noong panahon ng pandemya lalo noong modyular pa lamang sapagkat ang guro noon ay malayo at hindi agad malalapitan para magbigay ng gabay, sa pamamagitan ng sanggunian tulad ng libro, aplikasyon katulad ng youtube, google ito ay nakatulong upang, sa mabilis na pagkatuto ng mga mag-aaral."*

Dahil sa pamamaraan na ito, naipapakita ng mga mag-aaral ang kalagakan sa guro dahil may natutuhan ang mga mag-aaral na magagamit nila sa totoong buhay. Saad ni M3:

> *"Dahil sa kaniyang paraan na ginamit ay mas lalo kaming natuto at marami ang nakuhang aral mula sa kaniya."*

Dahil sa pamaraan ng pagtuturo ng Filipino ni I1, ang kaniyang mag-aaral ay hindi lamang natuto ng mga kaalaman at konsepto, kundi naging mas handa rin silang magpamalas ng aming kakayahan at abilidad. Ang paraan ng pagtuturo ay nagbibigay-diin sa personal na paglago at pag-unlad ng mag-aaral, hindi lamang sa akademikong aspeto kundi pati na rin sa aming kakayahang mag-isip nang malalim at magsaliksik.

Ang pamaraang patuklas ay naging epektibong pamamaraan lalo na sa pagtulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga mahirap na konsepto at mapanatili ang impormasyon sa pangmatagalang panahon. Sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa proseso ng pagsasaliksik, pagsusuri, at pagsasaayos ng suliranin, ang mga mag-aaral ay nakakabuo ng kanilang sariling pang-unawa sa mga konsepto sa halip na passibong tumanggap ng impormasyon mula sa mga guro.

Ang marka ay nagbibigay-daan sa mga guro na magbigay ng komprehensibong pagpapahalaga sa kabuuang kakayahan ng isang mag-aaral sa pag-unawa at pag-aplikasyon ng mga konsepto at impormasyon sa pagkatuto. Ayon kay M2 ng I2:

> *"Isa sa naging batayan ko ay may natutunan kami ng aking mga kaklase, at matataas ang mga marka na aming nakuha"*

Ang pagkakaroon ng mataas na marka ay nagpapakita na ang pagtuturo ay epektibo at ang mga mag-aaral ay nakatutok at nakakakuha ng mga kailangang kaalaman. Dagdag pa ni M1 ng I4:

> *"Batayan na po ba Sir ang nakakuha ng magandang grado? dahil nakakuha ako ng mataas na marka sa subject niya kaya masasabing kong epektibo."*

Ayon sa pag-aaral ni Allen (2010), ang marka sa klase ay isang mahalagang talaan ng akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa kanilang kaalaman. Ang marka ay nagbibigay-daan sa mga guro na magbigay ng komprehensibong pagpapahalaga sa kabuuang kakayahan ng isang mag-aaral sa pag-unawa at aplikasyon ng mga konsepto at impormasyon sa pagkatuto. Ang marka ay isang pangunahing indikasyon ng tagumpay at pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral ng isang tiyak na asignatura o larangan.

Ang pagiging epektibo ng mga pamamaraan ng isang guro ay maaaring masuri sa pamamagitan ng iba't ibang paraan, tulad ng kakayahan na magpapalawak ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral, kakayahan sa pagtuturo ng mga kritikal na kasanayan, at kakayahan sa pagtutok sa pangangailangan ng bawat mag-aaral. Bukod dito, ang epektibong pagtuturo ay nakaugnay din sa pagbibigay ng inspirasyon, suporta, at motibasyon sa mga mag-aaral upang magtagumpay hindi lamang sa pagsusulit kundi pati na rin sa kanilang buhay sa hinaharap.

**3.3. Pasaklaw**

Lulamabas sa pag-aaral na ayon sa perspektiba ng mga kalahok na mag-aaral nina I3 at I5 na ang pasaklaw ang siyang naging

epektibo sa pagtuturo ng Filipino sa panahon ng pandemya at sa kasalukuyan. Ayon kay M3 ng I5:

> *"Masasabi po ko po na nagagamit niya ang pamamaraang pasaklaw sapagkat una nagbibigay muna siya ng mga tuntunin o halimbawa sa isang isang discussion na tatalakayin naming bago po ang paglalahat."*

Ang pamaraang pasaklaw ay isang paraan ng pagtuturo kung saan ang guro ay nagsisimula sa pangkalahatang prinsipyo o tuntunin at saka inilalapat ito sa konkretong halimbawa. Sa pamamagitan nito, ang mga mag-aaral ay unang pinakikinggan ang pangkalahatang konsepto bago pagtuunan ng pansin ang mga tiyak na paksa.

Ang Pamaraang Pasaklaw ay maaaring maging epektibo sa pagtuturo ng mga konseptong komplikado dahil binibigyan nito ang mga mag-aaral ng isang maayos na pundasyon bago lumalim sa mga detalye.ang metodong pasaklaw ay nagsisimula sa paglalahad ng mga tuntunin tungo sa pagbibigay ng mga halimbawa (Villanueva, 2018).

Pinakamahalaga sa ano mang pagtuturo ay ang layunin na may matutuhan ang mga mag-aaral sapagkat ang bagong kaalaman at maayos na pag-unawa sa paksang tinatalakay ay may malaking salik para sa matagumpay na pagkatuto sa ano mang paraang ng pagtuturo. Ayon kay M4 ng I2:

> *"Masasabi kong epektibo ang pagtuturo ng aking guro dahil mas nagkaroon ako ng kamalayan sa Filipino at mas napalalim pa aking kaalaman kung gaano nga ba kahalaga ang pag-aaral ng Filipino o kung bakit ngaba kailangan magkaroon tayo ng kabatiran sa ating sariling wika at panitikan."*

Ang pangunahing layunin ng pagtuturo ay ang pagtamo ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga paksa at konsepto na kanilang pinag-aaralan. Dagdag pa sa tugon ni M1 NG I3:

> *"...masasabi ko po na naging epektibo dahil marami po kaming nalaman sa kanya at bukod po don masasabi ko na epektibo dahil lahat ng pagsusulit namin ay mayroon pong mataas na marka na nakukuha...."*

Ang paglalayon na magkaroon sila ng bagong kaalaman at malalim na pag-unawa sa mga ito ay pundamental sa proseso ng pagkatuto. Ang pagpapalawak ng kanilang kaalaman at pag-unawa ay nagbibigay sa kanila ng kakayahan na magamit ang kanilang mga natutunan sa iba't ibang sitwasyon at hamon sa buhay.

### 3.4. Patalakay

Ito ay isang tradisyonal na paraan ng pagtuturo kung saan ang guro ay nagbibigay ng impormasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang malalim na paliwanag o presentasyon sa harap ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng patalakay, ang guro ay nagbibigay ng mga konsepto, kaalaman, at impormasyon sa mga mag-aaral sa isang sistematikong paraan. Nabanggit ng mga kalahok na mag-aaral ni I4 ang pagiging epektibo ng Pamaraang Patalakay. Ayon kay M4:

> "Sa pamamaraang patalakay, binigyan-diin dito ang kahalagahan ng paghihimay-himay sa mga mahahalagang paksa sa pamamagitan ng pagtatalakay at pagapapalitan ng ideya."

Sa pamamaraang patalakay, ang kahalagahan ng paghihimay-himay sa mga mahahalagang paksa ay binibigyang-diin sa pamamagitan ng aktibong pag-uusap at pagpapalitan ng mga ideya. Sa pamamaraang ito, ang guro at mga mag-aaral ay nagkakaroon ng pagkakataon na masusing suriin at pag-usapan ang mga konsepto at impormasyon na kanilang tinalakay. Sa pamamagitan ng mga talakayan, ang bawat isa ay hinahamon na magbahagi ng kanilang sariling mga pananaw, interpretasyon, at karanasan kaugnay ng paksa.

Pinatunayan ito sa pag-aaral ni Valeroso, et.al. (2021), ang pamaraang patalakay ay madaling ipatupad sa klase sapagkat ito ang karaniwang ginagamit kahit sa anong asignatura. Sumang-ayon dito ang pag-aaral ni Sajjad (2010) na karamihan sa mga mag-aaral sa HEIs ay pinipili ang pamaraang patalakay sa kadahilanan na guro na ang nagbibigay ng lahat nang mahahalagang paksa.

Ang partisipasyon ng mag-aaral ay naging mahalagang salik din para masabing naging epektibo ang pamamaraan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. Ito ay magpapatunay sapagkat halos lahat ng kalahok, maging guro o mag-aaral man ay nagpahayag ng ganitong konsepto. Ayong kay M4 ng I3:

> *"...kung bawat isa din sa amin ay nagiging aktibo at nakikilahok sa iba't ibang gawain at nakakapagbahagi ng kaalaman so dito masasabi ko na epektibo ang pamamaraan na ginamit niya sa pagtuturo ng Filipino."*

Sa pamamagitan ng interaksyon sa kanilang mga kapwa at guro, nabibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataon na makisangkot, makisali, at makapagbahagi ng kanilang mga ideya at opinyon na nagpapalawak ng kanilang pang-unawa at pagpapaunlad ng kanilang kasanayan. Saad ni I5:


> *"Kapag aktibo silang nakikilahok sa mga aktibidad at diskusyon, ito ay isang magandang tanda ng epektibong pag-aaral. Kung kaya't dapat palaging ipinapakita ng isang guro na handa siyang matugunan ang pangangailangan ng kanyang mga mag-aaral, maging handa sa mga pagbabago at iba pa."*

Ang mga mag-aaral na aktibo sa kanilang pakikilahok sa mga aktibidad at diskusyon ay nagpapakita ng masidhing interes at dedikasyon sa kanilang pag-aaral. Ang kanilang aktibong partisipasyon ay nagpapahiwatig na sila ay nagpapakita ng pag-unawa, nagtatanong, at nagbibigay ng kontribusyon sa mga larangan ng kanilang interes. Ito ay pinatunayan sa pag-aaral nina Qureshi et.al., (2023) na ang mahalagang salik ang partipasyon sa klase lalo na ang pakikipag-interaskyon sa kapwa mag-aaral upang mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagkatuto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

### 4. Inobatibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Filipino

Ang mga pamamaraang ito ay nagpapakita ng adaptasyon ng mga guro sa kasalukuyang panahon upang mapanatili ang kalidad ng edukasyon sa Filipino. Sa pamamagitan ng teknolohiya at iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo, patuloy na nagagabayan at natututo ang mga mag-aaral sa kabila ng mga hamon sa larangan ng pagtuturo.




*Figyur 1. Pamamaraang KOBID*

#### 4.1 Pamamraang KOBID

Ang pamamaraang KOBID ay isang paraan sa pagtuturo ng Filipino na angkop gamitin sa harapan o blended na klase na nakatuon sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Ito ay naglalaman ng proseso na tumutugon sa kakayahan ng mag-aaral at naghihikayat sa sariling pagkatuto ng mag-aaral. Ang bawat yugto ng KOBID ay mahalaga para sa pagpapalawak ng pag-unawa at kakayahan ng mga mag-aaral:

**K – Kahandaan**

Ito ang bahagi ng pagtuturo kung saan ipinaliliwanag ang layunin, paksa, at mga inaasahang kasanayan na dapat matutuhan ng mga mag-aaral. Mahalaga ang tamang oryentasyon upang maging malinaw ang direksyon ng pag-aaral.

1. Layunin

Sa bahaging ito ang guro ay kailangan na ilatag nang maigi ang layunin ng kanilang pag-aaral. Ang tamang paglalatag ng layunin ay nagbibigay ng malinaw na direksyon at gabay sa mga mag-aaral.

2. Motibasyon

Magbigay ng motibasyon na gawain sa mga mag-aaral, sa hakbang na ito, makikita ng mag-aaral ang kahalagahan ng paksang tatalakayin. Ito rin ang magsisilbing lunsaran para magkaroon ng idea ang mga mag-aaral sa paksang tatalakayin.

3. Pahapyaw na Pagtalakay

Pagkatapos ibigay ang motibasyon, magkaroon ng maikling pagtalakay sa paksa. Bibigyan diin lamang ng guro ang pangkalahatang konsepto sa paksa ng sa gayon maitalakay ng guro ang mahahalagang konspeto na makatutulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng tamang direksyon ang gagawing nilang pagsasaliksik

4. Pagpapaliwanag sa Gawain

Sa bahaging ito sa kahandaan bilang panimulang gawain, ipapaliwanag ng guro ang mga gawain ng mag-aaral. Tatalakayin niya ang proseso/mekaniks kung paano gagawin ang iaatas na gawain sa kanila na makikita sa modyul na ibibigay sa kanila. Siguraduhin din na sa pagtalakay sa gawain ay maipaliwanag din ang rubriks na gagamitin.

**O - Online/Self-Learning**

Sa bahaging ito, magbibigay ang guro ng modyul/learning packet. Ito ang magiging gabay ng mga mag-aaral sa kanilang gawain. Nakalatag sa modyul ang pagkasunod-sunod ng mga paksa at gawain na kailangan gawin ng mag-aaral. Sa bahaging ito, magiging malaya ang mag-aaral sa kanilang pag-aaral sapagkat gagawin nila ang gawain at pagkatuto ayon sa kanilang reperensya, gustong oras, lugar, at estratehiya. Kailangan magbigay ng sapat na oras ang guro para gawin ang nasabing mga gawain sa modyul. Kailangan din magtakda ng araw kung kailan ito ipapasa sapagkat ang kanilang awtput ay siyang magiging batayan para sa susunod na gawain/talakayan. Ang awtput ng bata ay maaaring ipasa sa mga Learning Management System (LMs) na ginagamit ng guro o ng paaralan.

**B – Balidasyon**

Isa sa mga hamon na kinakaharap sa paggamit ng modyular na pag-aaral ay ang isyu ng labis na pagtulong mula sa mga kasama sa bahay ng mag-aaral. Ang ganitong sitwasyon ay maaaring magdulot ng hindi pagiging epektibo ng modyular na pag-aaral dahil sa posibilidad na ang mga gawain at output na nakapaloob dito ay hindi orihinal na gawa ng mag-aaral.

Upang malutas ang suliraning ito, mahalaga na magkaroon ng balidasyong gawain ang guro sa mga mag-aaral. Sa bahaging ito ng proseso ng pagtuturo, ang guro ay magtatag ng mga aktibidad o pagsusulit na magbibigay-daan sa kanya na suriin kung talagang ang mag-aaral ang nagawa ng kaniyang mga output.

Ang mga balidasyong gawain na ito ay maaaring maglaman ng mga tanong na nagsusuri sa proseso ng pag-unawa at pag-aaral ng mag-aaral, mga pagsusulit na nagtutuon sa pag-unawa ng konsepto, o iba pang uri ng pagsusulit na nagtataya sa kakayahan at kasanayan ng mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga ganitong aktibidad, maaaring masiguro ng guro na ang mga output ng mga mag-aaral ay galing sa kanilang sariling pag-unawa at pagtatrabaho.

Bukod sa pagbibigay ng balidasyong gawain upang tiyakin ang orihinalidad ng mga gawain ng mga mag-aaral, mahalaga rin na isama ang mga pagsusulit bilang bahagi ng proseso ng balidasyon. Sa pamamagitan ng pagsusulit, maaaring masukat ang antas ng pag-unawa at kakayahan ng mga mag-aaral sa mga konsepto at kasanayan na kanilang natutunan sa modyul.

Ang mga pagsusulit ay maaaring magkakaiba depende sa layunin at nilalaman ng modyul. Maaaring itong maging mga traditional na pagsusulit na may mga tanong at item na sinusuri ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konsepto at impormasyon na kanilang natutunan. Maaari ring magkaroon ng mga praktikal na pagsusulit kung saan kinakailangan ng mga mag-aaral na gamitin ang kanilang natutuhan sa modyul sa paglutas ng mga totoong problema o situwasyon.

Bukod sa pagsusulit, maaari rin namang isama ang iba't ibang uri ng mga asessment tulad ng portfolio, presentasyon, o peer

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

assessment. Ang mahalaga ay angkop ito sa layunin ng modyul at makakapagbigay ng malinaw na indikasyon kung gaano kalalim at kagaling ang naging pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa ganitong paraan, hindi lamang masusukat kung mayroong natutuhan ang mga mag-aaral sa kanilang modyul, kundi mabibigyan din sila ng pagkakataon na maipakita at mapatunayan ang kanilang mga natutuhan sa paraang kanilang pinili o sa paraang angkop sa kanilang kakayahan at pag-unawa.

**I – Integrasyon**

Upang mas mapalawak pa ang pagtuturo, kinakailangan na magamit ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa pag-uugnay nito sa iba't ibang larang. Sa pagtuturo, ang integrasyon ay maaaring magkaroon ng iba't ibang anyo. Maaaring itong magpahintulot sa mga mag-aaral na makakonekta at maipakita ang relasyon ng mga konsepto mula sa iba't ibang larangan o disiplina. Halimbawa, sa pag-aaral ng panitikan, maaaring isama ang kasaysayan, kultura, at lipunan upang mas maunawaan ang konteksto ng mga akda.

Ang integrasyon ay naglalayong magdala ng komprehensibong pag-unawa at kasanayan sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga bahagi ng pag-aaral sa mas malawak na konteksto. Ito ay nagtutulak ng mas malalim na pag-unawa at kasanayan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng ugnayan at kaugnayan sa pagitan ng mga konsepto at karanasan sa pag-aaral.

**D – Dagdag Gawain**

Ang panghuling hakbang sa gawain na ito ay ang dagdag kaalaman. Sa yugtong ito ng pagkatuto, ang guro ay maaaring magdagdag ng gawain na mas magpapalinaw pa sa konsepto na pinag-aaralan ng guro.


Ang dagdag na kaalaman ay mahalagang yugto sa proseso ng pag-aaral, kung saan binibigyan ng guro ang mga mag-aaral ng karagdagang impormasyon o karanasan upang palawakin ang kanilang kaalaman at pag-unawa sa mga konsepto na kanilang pinag-aaralan. Narito ang ilang mga paraan kung paano maaaring isagawa ang hakbang na ito:

- ✓ **Supplemental Readings:** Maaaring magdagdag ang guro ng mga karagdagang babasahin, artikulo, o iba't ibang mapagkukunan ng impormasyon na makakatulong sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konsepto. Ang mga ito ay maaaring ibigay bilang bahagi ng paghahanda para sa susunod na sesyon o bilang karagdagang bahagi ng kanilang pag-aaral.
- ✓ **Group Discussions:** Organisahin ng guro ang mga grupo ng talakayan kung saan ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng pagkakataon na pag-usapan at pagtalakayin ang mga konsepto na kanilang pinag-aaralan. Ang ganitong aktibidad ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang kaalaman at opinyon, at magtulungan upang mas mapalawak ang kanilang pag-unawa.
- ✓ **Practical Application Tasks:** Maaaring magdagdag ang guro ng mga praktikal na gawain o eksperimento na magpapakita ng real-world application ng mga konsepto na kanilang pinag-aaralan. Ito ay magbibigay ng mga karanasan sa mga mag-aaral na nagpapakita kung paano ang mga konsepto ay nauugnay sa kanilang tunay na buhay.

Sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga gawain sa yugtong ito, nagbibigay ang guro ng karagdagang pagkakataon sa mga mag-aaral na palawakin at palalimin ang kanilang kaalaman at pag-unawa sa mga konsepto na kanilang pinag-aaralan. Ito ay naglalayong palakasin ang kanilang kasanayan sa pagsasaliksik, kritikal na pag-iisip, at aplikasyon ng kanilang natutuhan sa iba't ibang larangan ng kanilang buhay.

**4.2 PAMAMARAANG MR. Q&A**

Ang pamamaraang ito ay naghihikayat sa mga guro at mag-aaral na maging malikhain at responsabli sa kanilang awtput. Magdedebelop din dito ang pagiging responsable ng mga mag-aaral, sapagkat nakasalalay sa kanilang estratehiya at kakayahan ang pagkatuto. Sa tulong ng pamamaraang ito, mahihikayat din ang mga mag-aaral na gumamit ng iba't ibang teknolohiya sa pagsasaliksik.



*Figyur 2. Pamamaraang MR. Q&A*

**M - Module (Modyular)**

Sa pagsisimula ng talakayan ang mga mag-aaral ay bibigyan ng module. Maaari itong gawin sa *Learning Managements System (LMs)* na ginagamit ng guro o ng paaralan. Puwedi ring ibigay ang module ng *hard copy* o naka-imprenta o puwedi rin sa mga *group chat* ng klase. Sa modyul na ito, nakalatag rito ang mga layunin, gawain, pagtalakay ng paksa, at ang reubriks sa pagwawasto.

Mahalaga ang hakbang na ito sa pagtuturo dahil ito ang maghahanda sa mag-aaral sa paksang tatalakayin. Magsisilbi rin itong gabay ng mga mag-aaral sa proseso ng kanilang pagtuturo. Kailangan na maging tiyak ang guro sa gawain, panuto at maging sa inaasahan awtput ng sa gayon alam ng mag-aaral kung ano at paano itatanghal ang nasabing gawain.

Sa pagsasagawa ng mga gawain sa modyul, kailangan malaya dito ang mag-aaral kung saan at paano nila gagawin ang nasabing mga gawain. Sa pagbibigay ng kalayaan sa mga mag-aaral sa paraan at lokasyon ng kanilang pag-aaral, nagbibigay ito ng oportunidad sa kanila na mas mapalawak ang kanilang pag-unawa at maging mas responsable sa kanilang sariling pag-aaral. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kontrol sa kanilang pag-aaral, sila ay tinuturuan na maging mas disiplinado, organisado, at may kakayahang magdesisyon. Ang ganitong kalayaan ay nagpapalakas din ng kanilang motibasyon at interes sa pag-aaral, habang nagbibigay-daan sa kanila na gamitin ang mga paraang

mas akma at epektibo para sa kanilang mga pangangailangan. Ito ay naglalayong palakasin ang kanilang kakayahan sa self-management at self-motivation, na nagiging pundasyon ng kanilang tagumpay bilang mga mag-aaral.

**R - Reporting (Pag-uulat/Pagtatanghal)**
Sa bahaging ito ng proseso, mahalaga na mabigyang-pansin at masuri kung nagawa nang maayos ng mga mag-aaral ang mga gawain na inalatag sa modyul. Sa pamamagitan ng pagtatanghal o pag-uulat ng kanilang mga gawaing isinagawa, binibigyan sila ng pagkakataon na ipakita at patunayan ang kanilang pag-unawa at kakayahan sa mga konsepto at kasanayan na kanilang natutunan.

Ang pagpapasya kung ito ay isasagawa ng isahan, dalawahan, o pangkatan ay maaaring batay sa layunin at panuntunan na nakasaad sa modyul. Sa ganitong paraan, hindi lamang masusukat kung nagtagumpay ang mga mag-aaral sa kanilang mga gawaing isinagawa, kundi maaari rin silang bigyan ng oportunidad na ipakita ang kanilang indibidwal na kakayahan o makipagtalastasan sa kanilang mga kasamang mag-aaral.

Gumamit ng mga makabagong teknolohiya sa gawain ito, hikayatin ang mga mag-aaral na magdiskobre ng mga kagamitang pangteknolohiya sa pagtatanghal ng kanilang awtput.

**Q - Question – Answer (Tanong-Sagot)**
Sa prosesong ito ng pagtuturo, mahalaga ito bilang isang paraan ng pagsasanay at pagsusuri sa pag-unawa ng konsepto at kasanayan ng mga mag-aaral mula sa kanilang natutunan sa modyul. Ito ay nagbibigay pagkakataon sa mga mag-aaral na magpahayag ng tanong at pagbibigay kahulugan sa mga guro. Ito rin ay pagkakataon sa mga guro na magbigay ng mga dagdag na paliwanag o halimbawa upang linawin ang mga kailangan malaman ng mga mag-aaral.

Sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga guro at pagbibigay ng mga sagot ng mga mag-aaral, maaaring masuri ang antas ng kanilang pang-unawa at mabigyang-linaw ang mga hindi pa nila nauunawaan. Sa gayon, ang tanong-sagot ay nagiging isang epektibong paraan ng pagtuturo at pag-aaral na naglalayong palalimin ang pag-unawa at pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral.

**A - Assessment (Pagtataya)**
Ang huling bahagi ng proseso sa pagtuturo-pagkatuto ay ang pagtataya. Dito susukatin ang kabuuang kaalaman ng mag-aaral. Maari itong gawing pasulat o presentasyon dependi sa kung ano ang layunin.

May iba't ibang paraan ng pagtataya depende sa layunin ng guro at uri ng kaalaman na nais sukatin. Halimbawa, maaaring gamitin ang pasulat na pagsusulit para sa pagsukat ng kasanayan sa pag-unawa ng konsepto, pagsusulat ng sanaysay para sa pagpapakita ng kasanayan sa pagsusulat, o maging ang pagsasagawa ng presentasyon para sa pagsusuri ng kasanayan sa pagsasalita at pagpapahayag ng ideya.

Sa pagtataya, inrerekomenda ang paggamit ng mga teknolohiya tulad ng Google Form, Quizzez, Classpoint at iba pang online/offline na mga aplikasyon na makatutulong sa mga mag-aaral na maisagawa ang pagtataya. Sa pagpapatupad nito, siguraduhin lamang na maytiyak na rubriks o mekaniks ang guro para angkop ang gagawing pagtataya ng guro.

Ang pagpili ng tamang paraan ng pagtataya ay mahalaga upang maging epektibo ito. Dapat itong makatugon sa layunin ng pag-aaral at magbigay ng mga impormasyon na makakatulong sa guro at mag-aaral na malaman kung gaano sila kahusay sa nasabing paksa.

**KONKLUSYON**
Gumagamit ang mga guro ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino sa Higher Education Institutions (HEIs) sa Ctbalogan City, kabilang ang mga pamamaraang pabuod, pasaklaw, patuklas, patalakay, *inquiry-based learning* at *self-directed learning.* Ang mga hakbang na isinagawa sa pagtuturo ng Filipino sa kasalukuyan ng mga Instructor sa HEIs ng Catbalogan City: (1) pagtukoy ng paksa at layunin, (2) pagbuo ng modyul o kagamitang Panturo, (3) pagsasakatuparan sa proseso ng pagtuturo, (4) pagsasagawa ng pagtataya. Ang mga epektibong pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino sa mga HEIs batay sa perspektiba ng mag-aaral ay ang pabuod, pasaklaw, patuklas at patalakay. Sa pag-aaral na ito, nabuo ang bagong pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino: (1) pamaraang KOBID at (2) pamaraang MR. Q&A.

**REKOMENDASYON**
Maaaring magkaroon ng mga pagsasanay at seminar para sa mga guro upang palawakin pa ang kanilang kaalaman sa iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo. Dapat silang bigyan ng pagkakataon na maunawaan at maibahagi ang kanilang mga karanasan at kaalaman sa paggamit ng mga pamamaraang ito. Ang mga guro ay dapat patuloy na paigtingin ang kanilang mga proseso sa pagtuturo, kabilang ang pagtukoy ng layunin, pagbuo ng mga kagamitang panturo, pagpapatupad ng mga pamamaraan, at pagsasagawa ng pagtataya. Maaaring magkaroon ng regular na pag-uusap at pagbabahagi ng mga *best practices* sa loob ng institusyon upang mapalakas ang mga ito. Magsaliksik ng mga pinakabagong teknolohiya at estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa mga HEIs natutulong sa matagumpay na pagtuturo gamit ang napiling pamamaraan, at tiyakin na ang mga ito ay nasasama sa mga gawain at kurikulum ng paaralan. Maaaring magkaroon ng mga partnerships at collaborations sa pagitan ng mga HEIs at mga industriya/organisasyon upang mapanatili ang kaalaman sa mga pinakabagong pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino.

Sa pamamagitan ng mga rekomendasyong ito, masiguro ang mas mahusay na pagkatuto at pag-unlad ng mga mag-aaral sa Filipino, magiging mas makabuluhan at epektibo ang mga pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino sa mga Higher Education Institutions na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

magbubunga ng mas malalim at masiglang pag-unawa ng mga mag-aaral sa wika at kultura.

## SANGGUNIAN


1. *Advincula, J. "The Challenges of Teaching Filipino as a Foreign Language in Japan." Advances in Language and Literary Studies, vol. 10, no. 3, 2019, pp. 1–7. ERIC, https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1216980.pdf.*
2. *Allen, Jeanne, Leonie Rowan, and Parlo Singh. "Teaching and Teacher Education in the Time of COVID-19." Asia-Pacific Journal of Teacher Education, vol. 48, no. 3, 2020, pp. 233–36. Taylor & Francis Online, https://doi.org/10.1080/1359866X.2020.1752051.*
3. *Alomari, Ibrahim A. "The Impact of COVID-19 Pandemic on Distance Learning in Higher Education Institutions: Challenges and Opportunities." International Journal of Distance Education, vol. 6, no. 1, 2021, pp. 15–27. IEEE, https://doi.org/10.1109/IJDE.2021.6.1.15.*
4. *Bajtoš, Ján. "Formulation of Teaching Objectives from the Point of View of Teachers of Vocational Subjects." INTED2021 Proceedings, IATED, 2021, pp. 398–403.*
5. *Basiloy, A. "The Level of Acceptance and Use of Multimedia Materials in the Teaching of Filipino Language in State Universities of Samar Island, Philippines." International Journal of Trend in Research and Development, vol. 6, no. 3, 2019, pp. 158–62.*
6. *Bautista, Ma. Lourdes C. Teaching Filipino in the United States: A Practical Guide. University of Hawai'i Press, 2018.*
7. *Esmaeili, M., and A. Eydgahi. "By the Students, for the Students: A New Paradigm for Better Achieving the Learning Objectives." 2013 ASEE Annual Conference & Exposition, June 2013, pp. 23–264.*
8. *El Abed, M., and Antonio Castro-Lopez. "The Impact of AI-Powered Technologies on Aesthetic, Cognitive and Affective Experience Dimensions: A Connected Store Experiment." Asia Pacific Journal of Marketing and Logistics, vol. 36, no. 3, 2024, pp. 715–35.*
9. *Espique, F. O., and S. L. Ayao-ao. Technology for Teaching and Learning 2 for Language Education. Lorimar Publishing, 2020.*
10. *Jones, V. S., A. J. Holland, and W. Oldmeadow. "Inductive Teaching Method – An Alternate Method for Small Group Learning." Medical Teacher, vol. 30, no. 8, 2008, pp. e246–e249.*
11. *Lumapas, G., et al. "The Effective Strategies in Improving the Reading Comprehension of the Students at San Bartolome High School, Quezon City." Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, vol. 1, no. 1, 2019. Ascendens Asia, https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/1137.*
12. *Magaldi, Danielle, and Mark Berler. "Semi-Structured Interviews." Encyclopedia of Personality and Individual Differences, 2020, pp. 4825–30.*
13. *Noval, Alfredo T. "Pagdalumat sa Piling Sugboanong Balak Tungo sa Pagbuo ng Modelong S3 L2 sa Pagtuturo ng Panulaan." Silliman Journal, vol. 63, no. 1, 2022.*
14. *Origenes, R. W. "Model for Web-Based Learning Module in Senior High School General Chemistry." International Journal of Educational Management and Development Studies, vol. 3, no. 1, pp. 23–38.*
15. *Pajarillo, R. C. "Kabisaan N Tatlong Estratehiya sa Pagtuturo Ng Filipino-VIII." Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, vol. 3, no. 2F, 2019.*
16. *Qazi, M. S., and S. Wajhie. "Using ICT in 'Interactive Method of Teaching' to Make Teaching-Learning Effective: A Study." Journal of the Royal Asiatic Society, vol. 96, 2023, pp. 160–64.*
17. *Qureshi, Muhammad A., et al. "Factors Affecting Students' Learning Performance through Collaborative Learning and Engagement." Interactive Learning Environments, vol. 31, no. 4, 2023, pp. 2371–91.*
18. *Ruelo, M. M., et al. "'Epekto ng Interaktibong Video Materyal sa Pagkatuto ng Mag-Aaral sa College of Teacher Education Medyor sa Filipino.'" Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, vol. 3, no. 2, 2022. Ascendens Asia, https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/13509.*
19. *Sajjad, S. "Effective Teaching Methods at Higher Education Level." Pakistan Journal of Special Education, vol. 11, 2010, pp. 29–43.*
20. *Sandoval, M. A. S. "eĚKagamitang Pampagtuturo: Pagtuturo sa Panahong Elektroniko." The Mindanao Forum, vol. 22, no. 2, 2009, pp. 209–20.*
21. *Sanusi, I. T., and S. S. Oyelere. "Pedagogies of Machine Learning in K-12 Context." 2020 IEEE Frontiers in Education Conference (FIE), IEEE, Oct. 2020, pp. 1–8.*
22. *Sewagegn, Abat Abate. "Learning Objective and Assessment Linkage: Its Contribution to Meaningful Student Learning." Universal Journal of Educational Research, vol. 8, no. 11, 2020, pp. 5044–52.*
23. *Uriarte, V. "Pagbuo Ng Modyul Sa Pagtuturo Sa Filipino 7." Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, vol. 3, no. 2F, 2019.*
24. *Valeroso, G. L., and R. C. Largo. "Istilo Sa Pagtuturo Ng Mga Gurong Hindi Filipino Medyor." International Multilingual Journal of Science and Technology, vol. 6, 2021, pp. 4260–68.*
25. *Villanueva, V. #ABKD (Ako Bibo Kase Dapat): Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro sa Agham Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV11483 Book Publishing House, 2018.*
26. *Wiesen, G. "What Is Instructional Theory." Practical Adult Insight, 2023, https://www.practicaladultinsights.com/what-is-instructional-theory.html*